

Patient Education

COVID-19 Vaccine (mRNA)

You must carefully read the "Consumer Information Use and Disclaimer" below in order to understand and correctly use this information

Pagbigkas

(KO vid nine teen vak SEEN m R N A)

Mga Pangalan ng Brand: US

Comirnaty; Moderna COVID-19 Vac (Booster); Moderna COVID-19 Vaccine; Pfizer COVID-19 Vac-TriS 5-11y; Pfizer-BioNT COVID-19 Vac-TriS; Pfizer-BioNTech COVID-19 Vacc; Spikevax COVID-19 Vaccine

Mga Pangalan ng Brand: Canada

Comirnaty; Spikevax

Saan ginagamit ang gamot na ito?

- Ginagamit ito upang mapigilan ang COVID-19.

Ano ang kailangan kong sabihin sa doktor BAGO inumin ng anak ko ang gamot na ito?

- Kung ang iyong anak ay may allergy sa gamot na ito; anumang bahagi ng gamot na ito (kasama ang polyethylene glycol); o anumang gamot, pagkain, o substance (kasama ang polysorbate). Sabihin sa iyong doktor ang tungkol sa allergy at ang mga nakita o naramdamang senyales ng iyong anak.
- Kung ang iyong anak ay may COVID-19, may anumang sintomas na maaaring dahil sa COVID-19, naghihintay na malaman ang mga resulta ng pagsusuri para sa COVID-19, o nagkaroon kamakailan ng COVID-19.
- Kung nakakaranas ng karamdamang may kasamang lagnat ang iyong anak.
- Kung nagkaroon dati ang iyong anak ng ilang partikular na sakit sa puso (myocarditis, pericarditis).
- Kung nagkaroon na ang iyong anak ng problema sa kalusugan na tinatawag na multisystem inflammatory syndrome (MIS).
- Kung ang iyong anak ay magkaroon ng mga problema sa pagdurugo.
- Kung ang iyong anak ay umiinom ng aspirin o ng blood thinner.

- Kung nabigyan ang iyong anak ng ibang bakuna para sa COVID-19.
- Kung nalantad ang iyong anak sa taong may COVID-19 sa loob ng nakalipas na 14 na araw.
- Hindi ito listahan ng lahat ng mga gamot o problema sa kalusugan na nakasasagabal sa gamot na ito.
- Sabihin sa iyong doktor at parmasyutiko ang tungkol sa lahat ng gamot ng iyong anak (may reseta o OTC, mga natural na produkto, bitamina) at mga problemang pangkalusugan. Dapat mong suriin para tiyakin na ligtas na ibigay ang gamot na ito kasabay ng lahat ng iba pang gamot ng iyong anak at para sa lahat ng iba pa niyang problema sa kalusugan. Huwag sisimulan, ititigil, o babaguhin ang dosis ng anumang gamot na iniinom ng iyong anak nang hindi isinasangguni sa doktor.

Ano ang mga bagay na kailangan kong malaman o gawin habang iniinom ng anak ko ang gamot na ito?

- Sabihin sa lahat ng provider ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak na ginagamit ng iyong anak ang gamot na ito. Kasama rito ang mga doktor, nurse, pharmacist, at dentista ng iyong anak.
- Hindi makakapagdulot ng COVID-19 ang bakunang ito.
- Kakailanganin ng iyong anak na mabakunahan ng 2 dosis ng bakunang ito. Ang dalawang dosis na ito ay kailangan para sa pinakamahasag na proteksyon. Maaaring kailanganin ng ilang tao ng pangatlong dosis. Maaari ding ibigay ang booster na dosis sa ilang tao. Tiyaking alam mo kung kailan sasamahan pabalik ang iyong anak para tanggapin ang mga dosis. Kausapin ang doktor kung nakaranas ang iyong anak ng malalang reaksyon pagkatapos ng unang dosis.
- Hindi pa napag-aalaman kung gaano katagal na mapoprotektahan laban sa COVID-19 ang mga taong nabakunahan ng bakunang ito.
- Tulad ng lahat ng bakuna, maaaring hindi ganap na maprotektahan ng bakunang ito ang lahat ng taong makakatanggap nito. Kung mayroon kang mga tanong, makipag-usap sa doktor.
- Kung may mga side effect ang iyong anak pagkatapos ng dosis, maaaring makatulong ang acetaminophen o mga nonsteroidal anti-inflammatory drug (mga NSAID) tulad ng ibuprofen o naproxen.
- Maaaring mas madalas na may mangyaring mga side effect pagkatapos ng pangalawang dosis. Kausapin ang iyong doktor kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pangalawang dosis.
- Pagkatapos magpabakuna, ipagpatuloy sa iyong anak ang mga bagay na nakakapigil sa pagkalat ng COVID-19 gaya ng inirerekomenda ng mga lokal na opisyal sa pampublikong kalusugan. Kabilang sa mga ito ang madalas na paghuhugas ng mga kamay, pagsusuot ng mask, pagpapanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang layo mula sa ibang tao, at pag-iwas sa maraming tao.

- Kung may mahinang immune system ang iyong anak o kung umiinom siya ng mga gamot na nagpapahina sa immune system, makipag-usap sa doktor. Posibleng hindi rin tumalab ang bakunang ito.
- Maaaring kailanganin ng mga taong nagpabakuna nito bago o sa panahon ng stem cell transplant o chimeric antigen receptor [CAR]-T therapy na magpabakuna ng iba. Kung sumailalim na o sasailalim pa lang ang iyong anak sa mga paggamot na ito, kausapin ang iyong doktor.
- Kausapin ang doktor kung tinurukan ang iyong anak ng dermal filler. Bihira, may nangyaring pamamaga sa bahaging tinurukan ng filler o malapit dito (karaniwan sa mukha o mga labi) pagkatapos ng dosis ng bakunang ito. Noong nangyari ito, hindi ito nagtagal at nawala rin pagkatapos gamutin.
- Bihira, may nangyaring mga kaso ng Bell's palsy sa mga pag-aaral. Hindi pa alam kung ang bakunang ito ang maaaring dahilan. Sabihin sa doktor kung nagkaroon na ang iyong anak ng Bell's palsy. Tawagan kaagad ang doktor kung makaranas ang iyong anak ng mga senyales tulad ng mga nanghihina o lumalaylay na muscle sa isang bahagi ng iyong mukha.
- Hindi lahat ng mga produkto ay ginawa para gamitin ng mga bata. Makipag-usap sa doktor.
- **Kung buntis o nagpapasuso ng sanggol ang iyong anak:**
- Makipag-usap sa doktor kung buntis ang iyong anak, naging buntis, o nagpapasuso ng sanggol. Kakailanganin ninyong pag-usapan ang tungkol sa mga benepisyo at panganib sa iyong anak at sa sanggol.

Ano ang ilang side effect na kailangan kong itawag kaagad sa doktor ng anak ko?

- **BABALA/MAG-INGAT:** Bagama't maaaring bibihira, maaaring magkaroon ang ilang tao ng napakalubha at kung minsan ay nakamamatay na mga side effect sa paggamit ng isang gamot. Sabihin sa doktor ng iyong anak o humingi kaagad ng medikal na tulong kung mayroon ang iyong anak ng alinman sa mga sumusunod na senyales o sintomas na maaaring may kinalaman sa isang napakalubhang side effect:
- Ang mga senyales ng reaksiyon sa allergy, tulad ng pantal; tagulabay; pangangati; pamumula, pamamaga, pamamaltos, o panunuklap ng balat nang mayroon o walang lagnat; paghagok; paninikip ng dibdib o lalamunan; hirap sa paghinga, paglunok, o pagsasalita; kakaibang pamamalat; o pamamaga ng bibig, mukha, labi, dila, o lalamunan.
- Mabilis o mabagal na tibok ng puso, mabilis na paghinga, pagkahilo, pagkahimatay, panghihina, pagkabalisa, pagkalito, o pagbabago sa paningin o pandinig. Ang mga ito ay posibleng iba pang sintomas ng allergic na reaksiyon o iba pang uri ng reaksiyon.
- Huminang pakiramdam.
- Pamamanhid o pakiramdam na tinutusok.
- Napakabihira ang pagkakaroon ng ilang problema sa puso dahil sa mga mRNA na bakuna laban sa COVID-19. Kadalasan, nagsisimula ang mga senyales sa loob ng 7 araw pagkatapos ng

pangalawang dosis. Mas mataas ang posibilidad na mangyari ang mga problemang ito sa puso sa mga taong nagka-COVID-19 kumpara sa mga taong tumanggap ng bakunang ito. Tumawag kaagad sa doktor kung nakakaranas ang iyong anak ng pananakit ng dibdib; pangangapos ng paghinga; o kung pakiramdam ng iyong anak ay bumibilis ang pagtibok ng kanyang puso o kumakabog ang kanyang puso. Kung mayroon kang mga tanong o alalahanin tungkol sa impormasyong ito, makipag-usap sa doktor.

Ano ang ilan sa iba pang side effect ng gamot na ito?

- Maaaring magdulot ng mga side effect ang lahat ng gamot. Gayunpaman, maraming tao ang hindi nakakaranas ng anumang side effect o mahihina lang ang mga side effect na nararanasan nila. Tawagan ang doktor ng iyong anak o humingi ng medikal na tulong kung naaabala ang iyong anak dahil sa alinman sa mga side effect na ito o anumang iba pang side effect, o kung hindi nawawala ang mga ito:
- Pananakit, pamumula, o pamamaga sa bahaging tinurukan ng iniksyon; pananakit ng ulo; pananakit ng kalamnan o kasukasuan; lagnat na 100.4°F (38°C) o mas mataas; pagkaramdam ng ginaw; pananakit ng tiyan, pagsusuka, hindi gaano nagugutom, o pagtatae; mga namamaga o makirok na gland; o pagkapagod o masamang pakiramdam. Hindi malala hanggang sa katamtaman ang karamihan sa mga side effect. Kadalasan, nangyari ito sa loob ng 3 araw pagkatapos ng iniksyon at nawala sa loob ng 1 hanggang 3 araw.
- Nagkaroon ng pananakit, pamumula, o pamamaga sa bahaging tinurukan pagkalipas ng ilang araw hanggang sa ilang linggo pagkatapos ng unang iniksyon. Kausapin ang doktor kung mangyayari ito. Paturukan ang iyong anak ng pangalawang dosis sa kabilang braso.
- Hindi lang ang mga ito ang mga side effect na maaaring mangyari. Kung may mga tanong ka tungkol sa mga side effect, tawagan ang doktor ng iyong anak. Tawagan ang doktor ng iyong anak para sa medikal na payo tungkol sa mga side effect.
- Maaari mong iulat ang mga side effect sa iyong pambansang ahensiya ng kalusugan.

Paano pinakamainam na inumin ang gamot na ito?

- Ibigay ang gamot na ito gaya nang inutos ng doktor ng iyong anak. Basahin ang lahat ng impormasyong ibinigay sa iyo. Sunding mabuti ang lahat ng tagubilin.
- Itinuturok ito sa muscle.
- Susubaybayang mabuti ang iyong anak habang tinatanggap ang gamot na ito at sa loob ng maikling panahon pagkatapos ng dosis. Kausapin ang doktor ng iyong anak.

Ano ang gagawin ko kung mayroong hindi maiinom na dosis ang anak ko?

- Tawagan ang iyong doktor para malaman kung ano ang gagawin. Para sa pinakamahusay na proteksyon laban sa COVID-19, mahalagang hindi makaligtaan o malaktawan ng iyong anak ang mga dosis.

Paano ko iiimbak at/o itatapon ang gamot na ito?

- Ituturok ang iniksyon sa iyong anak sa isang lugar ng pangangalagang pangkalusugan. Hindi mo ito itatago sa bahay.

Mga pangkalahatang kaalaman tungkol sa gamot

- Kung hindi bumubuti ang mga sintomas o problema sa kalusugan ng iyong anak o kung lumala pa ang mga iyon, tawagan ang doktor ng iyong anak.
- Huwag ibahagi ang gamot ng iyong anak sa iba at huwag ibigay ang gamot ng iba sa iyong anak.
- Itago ang lahat ng gamot sa isang ligtas na lugar. Itago ang lahat ng gamot sa hindi naaabot ng mga bata o alagang hayop.
- Itapon ang anumang hindi nagamit o nag-expire na gamot. Huwag i-flush sa toilet o ibuhos sa drain maliban na lang kung sinabi sa iyo. Sumangguni sa iyong pharmacist kung may mga tanong ka tungkol sa pinakamagandang paraan upang magtapon ng mga gamot. Maaaring may mga programa ng pagsauli ng gamot sa iyong lugar.
- Maaaring may iba pang polyeto ng impormasyon ng pasyente ang ilang gamot. Kung mayroon kang anumang mga tanong tungkol sa gamot na ito, mangyaring makipag-usap sa doktor, nurse, pharmacist o iba pang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak.
- Kung sa palagay mo ay sumobra ang gamot, tawagan ang iyong poison control center o humingi agad ng pangangalagang medikal. Humandang sabihin o ipakita kung ano ang ininom, gaano karami, at kung kailan nangyari ito.

Paggamit sa Impormasyon ng Consumer at Disclaimer: Ang pangkalahatang impormasyong ito ay limitadong buod ng diagnosis, paggamot, at/o impormasyon ng gamot. Hindi nito nilalayong maging kumplikado at dapat itong gamitin bilang pantulong sa gumagamit na maunawaan at/o masuri ang posibleng mga pagpipilian sa diagnostic at paggamot. HINDI kasama rito ang lahat ng impormasyon tungkol sa mga kundisyon, paggamot, gamot, side effect, o panganib na maaaring naaangkop sa isang partikular na pasyente. Hindi nito nilalayong maging medikal na gabay o kapalit ng medikal na gabay, diagnosis, o paggamot ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan batay sa pagsusuri ng provider ng pangangalagang pangkalusugan sa mga partikular at natatanging karanasan ng isang pasyente. Dapat ay makipag-usap ang mga pasyente sa provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa kumpletong impormasyon tungkol sa kanilang kalusugan, mga medikal na tanong, at mga pagpipiliang paggamot, kabilang ang anumang panganib o benepisyo kaugnay ng paggamit/pag-inom ng mga gamot. Hindi inienderso ng impormasyong ito ang anumang paggamot o gamot bilang ligtas, epektibo, o aprubado para sa paggamot ng isang partikular na pasyente. Itinatatwa ng UpToDate, Inc. at ng mga affiliate nito ang anumang warranty o pananagutang nauugnay sa impormasyong ito o paggamit nito. Ang paggamit ng impormasyong ito ay nasasaklawan ng Mga Tuntunin ng Paggamit na nasa <https://www.wolterskluwer.com/en/know/clinical-effectiveness-terms>.

Last Updated 6/8/22



© 2022 UpToDate, Inc. and its affiliates and/or licensors. All rights reserved.

